



Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Bulacan  
Bayan ng Bulakan

PROVINCE OF BULACAN  
OFFICE OF THE SECRETARY  
BULACAN, BULACAN

Jan 20, 2022  
11:05 AM  
KOSC

## TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-28 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA- 9 NG ENERO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

### MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ----- Pangalawang Punong Bayan  
Tagapangulo ng Hapag

### MGA KAGAWAD

|                                      |                                    |
|--------------------------------------|------------------------------------|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio    | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.        |
| Igg. Jose Antonio V. Lava            | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz             | Igg. Rchie E. San Jose             |
| Igg. Marbin J. Garcia                | Igg. Michael M. Ramos (ABC)        |
| Igg. Christopher Aron C. Del Rosario | Igg. Miguel Leonardo (SK)          |

### LAHAT AY NAKADALO

### KAUTUSANG BAYAN BLG. 2023 - 363

KAUTUSANG BAYAN NA NAG AATAS AT NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PAGBIBIGAY NG LUKSANG PARANGAL, PAG AALAY NG WATAWAT AT GAWAD PAGKILALA PARA SA LAHAT NG PUMANAW NA DAKILANG ANAK NG BAYAN NG BULAKAN

Mga May Akda: Igg. Marbin J. Garcia  
Igg. Aron Ronald R. Cruz

Ipanag-uutos ng Sangguniang Bayan Ng Bulakan, Bulacan, na:

**TUNTUNIN 1. TITULO.** Ang kautusang ito ay tatawagin na: "Kautusang Bayan Nag Aatas At Nagtatakda Ng Mga Alituntunin Sa Pagbibigay Ng Luksang Parangal, Pag Aalay Ng Watawat At Gawad Pagkilala Para Sa Lahat Ng Pumanaw Na Dakilang Anak Ng Bayan Ng Bulakan" o sa maikling tawag na "DAKILANG BULAKENYO"

**TUNTUNIN 2. SAKLAW.** Sakop ng kautusang ito ang lahat ng mga kasalukuyan at mga dating nag lingkod sa anumang sangay ng Pamahalaan sa Bayan ng Bulakan tulad ng Pamahalaang Bayan at Sangguniang Bayan, Pamahalaang Barangay at Sangguniang Barangay, mga opisyal at kawani ng tanggapan pang nasyonal naka himpil sa bayan ng Bulakan tulad ng Pambayang Hukuman, Tanggapan ng Pambansang Pulisya, Kagawaran ng Pamatay Sunog, Kagawaran ng Edukasyon at iba pa na pawang mga residente at naninirahan sa bayan ng Bulakan.

Nasasakop din ng kautusang ito ang lahat ng mga naglilingkod at nag lingkod sa Pamahalaang Panlalawigan at Pamahalaang Nasyonal, halal man o naitalagang opisyal sa mataas na posisyon sa anumang tanggapan, opisina, ahensiya, departamento, sandatahang lakas, kapulisan, miyembro ng mga diplomatiko at mga korporasyon at instrumentalidad nasa ilalim ng pamamahala at pag aari ng gobyerno na residente o lahing mula sa bayan ng Bulakan.

Mga pribadong mamamayan ng bayan ng Bulakan nagkaroon ng mahalagang ambag at pagtulong sa bayan at lipunan.

Mga pribadong tao hindi taga Bulakan subalit nagkaroon ng mahalagang ambag, kontribusyon at pagpapahalaga sa mamamayan at bayan ng Bulakan.

**TUNTUNIN 3.LAYUNIN.** Ang Pamahalaang Bayan Ng Bulakan ay naglalayong mabigyang pagpapahalaga at parangal ang lahat ng mga mamamayan naglilingkod, nakapag lingkod sa pamahalaan na pumanaw, kasama ang mga pribadong mamamayan nagkaroon ng mahalagang ambag sa lipunan at maituturing na mga dakilang anak ng bayan ng Bulakan.


Ang kautusang ito ang siyang dadakila sa kanilang mga ipinamalas na katangian bilang isang mabuting mamamayan, mapagkawanggawa, tapat na tumulong sa kapwa at sa bayan na hindi malilimutan ng ating bayan.

Sang ayon sa kasabihang "*Tempus Fugit, Memento Mori*", na may kahulugang "*ang oras ay lumilipad, alalahanin ang kamatayan*".

#### **TUNTUNIN 4. KAHULUGAN NA SALITA:**

1. *Elected Officials* - tinutukoy mga inihalal na opisyal ng pamahalaan pang nasyonal, panlalawigan, distrito, pambayan at pambarangay.
2. *Appointed Officials* - tinutukoy ang mga itinalagang opisyal at kawani ng pamahalaan pang nasyonal, panlalawigan, pambayan at pambarangay.
3. *Head Of Office Or Agencies* - tinutukoy ang mga pinuno ng tanggapan o ahensiya ng pamahalaan.
4. *Police, Military, Fire and Jail Officers, NBI Agents other law enforcement units*-tinutukoy ang mga opisyal ng pambansang pulisya at ng sandatahang lakas na may ranggo 2nd Lieutenant, Captain, Major, Colonel at General, kasama ang mga ahente ng National Bureau of Investigation at iba pa na nasa law enforcement.
5. *Diplomatic Corps* - tinutukoy ang mga Ambassador, Consul, Charge d' Affaires at iba pa miyembro na nasa foreign service.
6. *Cabinet Secretaries* - tinutukoy ang mga miyembro ng gabinete itinalaga ng pangulo.

7. *Municipal Elected Official* - tinutukoy ang mga nahalal na Mayor, Vice Mayor at mga Konsehal ng bayan.
8. *Municipal Department Heads* - tinutukoy ang mga pinuno ng tanggapan ng pamahalaang bayan.
9. *Municipal Employees* - tinutukoy ang mga empleyado ng pamahalaang bayan na may estadong permanente, temporary, co terminus, casual, contractual at job order.
10. *Barangay Elected Officials* - tinutukoy ang mga halal na Punong Barangay, mga Kagawad, mga SK Chairman at mga SK kagawad.
11. *Barangay Employees* - tinutukoy ang lahat empleyado ng barangay na mga itinalaga ng Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan na tumatanggap ng regular na sahod, allowances, per diem at iba pa forms of emoluments.
12. *Barangay Volunteers* - tinutukoy ang mga naglilingkod sa barangay ng boluntaryo at walang sahod.
13. *Municipal Trial Court Employees* - tinutukoy ang lahat ng mga empleyadong naka himpil sa Pambayang Hukuman kasama ang Pambayang Hukom.
14. *District School Employees* - tinutukoy ang lahat ng empleyado nasa ilalim ng kagawaran ng edukasyon sa bayan ng Bulakan sa teaching and non teaching force, mula sa mga teachers, head teachers, principals at school district officers and supervisors.
15. *Private Citizen* - tinutukoy ang mga mamamayan walang posisyon at tungkulin sa ano mang sangay ng pamahalaan.
16. *Religious Leaders* - tinutukoy ang Priest, Rabbi, Imam, Minister, Pastor, Elder, at Monk ng anumang relihiyon, sekta o simbahan kinikilala ng estado.
17. *Tempus Fugit, Memento Mori* - salitang latin may kahulugang "ang oras ay lumilipad, alalahanin ang kamatayan" at motto ng samahang "Caballero De Colon" (Knights Of Columbus".
18. *Luksang Parangal* - isang palatuntunan nagbibigay parangal at gawad pagkilala sa isang pumanaw na mamamayan sa kanyang burol o gabi ng paglalamay.
19. *Pag-aalay ng watawat* - ang paglalagay ng watawat sa ibabaw ng kabaong o sa pamilya ng mga pumanaw na nahalal na opisyal ng pamahalaang nasyonal, panlalawigan, distrito, bayan at barangay at iba pa na naaayon sa itinadhana ng seksyon 24 ng *Philippine Flag Protocol* ayon sa determinasyon ng pamahalaang lokal.



20. *Pag-aalay ng watawat* - ang paglalagay ng watawat sa ibabaw ng kabaong o sa pamilya ng mga pumanaw na nahalal na opisyal ng pamahalaang nasyonal, panlalawigan, distrito, bayan at barangay at iba pa na naaayon sa itinadhana ng seksyon 24 ng *Philippine Flag Protocol* ayon sa determinasyon ng pamahalaang lokal.
21. *Pag-aalay ng kapasiyahan* - ang Sangguniang Bayan at mga Sangguniang Barangay ay mag papasa ng isang kapasiyahan o resolusyon ng pakikiramay sa pamilya at gawad pagkilala sa pumanaw.

**TUNTUNIN 5. TAKDA NG MGA GAWAIN AT RESPONSABILIDAD.** Itinatakda at pinaguutos na sa mga sumusunod na:

- 5.1. Sangguniang Bayan Ng Bulakan - ang sanggunian bayan sa pamamagitan ng taga pangulo *Lupon Ng Public Relations And Media Affairs* at *Kalihiman Ng Sanggunian* ang siyang may tungkulin at responsibilidad sa pagsasagawa ng luksang parangal, pag aalay ng watawat at pag akda at gawad ng kapasiyahan sa lahat ng pumanaw na nahalal na Mayor, Vice Mayor, Konsehal ng bayan, kasama ang ang mga Liga Ng Mga Barangay Municipal President (ABC) at Sanggunian Kabataan Municipal Federation President (SK) bilang Ex Officio Members ng Sangguniang Bayan.

Kaugnay din nito ang pag aalay ng kapasiyahan ng pakikiramay at gawad pagkilala para sa mga mga pumanaw na mga Appointed Officials, Head Of Offices And Agencies, Police, Military, Fire and Jail Officers, NBI Agents Other Law Enforcement Units, Diplomatic Corps, Cabinet Secretaries, Municipal Department Heads, Municipal Employees, Barangay Elected Officials, Municipal Trial Court Employees, District School Employees, Private Citizen na may mahalagang ambag sa lipunan at bayan, at mga Religious Leaders.

Sa mga pagkakataong hindi mabibigyan ng watawat ang mga nabanggit sa itaas ng kanilang kinauugnayan sangay o tanggapan ay maari ang Sangguniang Bayan ang mag bigay sa ayon sa pakikipag ugnayan sa pamilya.

- 5.2. Liga Ng Mga Barangay Municipal President (ABC) at mga Sangguniang Barangay - ang siyang may tungkulin at responsibilidad sa pagsasagawa ng luksang parangal at pag aalay ng watawat sa lahat ng mga pumanaw na halal na Punong Barangay at Kagawad.
- 5.3. Sangguniang Kabataan Municipal Federation President (SK), Sangguniang Barangay at Sangguniang Kabataan - ang siyang may tungkulin at responsibilidad sa pagsasagawa ng luksang parangal at pag aalay ng watawat sa lahat ng mga pumanaw na halal na SK Chairman at SK Kagawad sa kanilang nasasakupang barangay.

5.4. Tanggapan ng Municipal Human Resource Office at Pinuno ng Tanggapan ang siyang may tungkulin at responsibilidad sa pagsasagawa ng luksang parangal para sa lahat mga municipal employees o mga employees o mga empleyado ng pamahalaang bayan na may estadong permanente, temporary, co terminus, casual, contractual at job order.

5.5. Mga Punong Barangay, Kagawad, Kalihim at Ingat Yaman - ang siyang may tungkulin at responsibilidad sa pagsasagawa ng luksang parangal at kapasiyahan ng pakikiramay at gawad pagkilala para sa lahat mga Barangay Employees, Barangay Volunteers kasama ang mga Lupon, Purok Leaders at iba pa bilang pagkilala sa kanilang ibinahaging paglilingkod sa barangay. May paalala at limitasyon na ang aalayan lamang ng watawat ay ang mga halal na opisyal lamang ayon sa Philippine Flag Protocol.

**TUNTUNIN 6. KAPARUSAHAN.** Ang napatunayan na tahasan at sinasadyang hindi tumalima o sumunod sa kautusang ito ay may kaparusahang:

- a. Pagsasampa ng kasong administratibo sa Kagawaran ng Komisyon ng Serbisyo Sibil para sa mga Pinuno ng Tanggapan at mga Kawani ng Pamahalaang Bayan.
- b. Kasong Administratibo na isasampa sang ayon sa itinahana ng Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 o RA 7160 para sa mga opisyal ng bayan at barangay.

**TUNTUNIN 7. SUGNAY NG EKSEMPSYON.** Kung ang mga pumanaw ay nasa ibang bansa, malayong bayan, at tumangi ang pamilya sa mga gagawing luksang parangal, pag aalay ng watawat at pagtanggap ng kapasiyahan dahil sa paniniwalang pang relihiyon at personal na kadahilanan ay maari na hindi gawin ang mga isinasaad ng kautusang ito.


**TUNTUNIN 8. SUGNAY PAGHIHIWALAY.** Ang alinmang bahagi o probisyon ng Kautusang ito ay taliwas sa mga sinasaad ng Saligang Batas o sa iba pang umiiral na Batas Pambansa, ang ibang bahagi nito na hindi apektado ay patuloy na ipatutupad.

**TUNTUNIN 9. SUGNAY NG PAGPAPAWALANG-BISA.** Ang lahat ng lokal na batas na hindi tumatalima sa probisyong ito ay pinawawalang bisa o inaakma dito.

**TUNTUNIN 10. PAGKAKABISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa tatlumpung (30) araw matapos mapagtibay at maka lipas ang kumpletong pagpapaskil sa mga hayag na lugar.

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Sang-Ayunan Ang Pambayang Kautusan Na Kikilala At Mag Gagawad Sa Mga Natatanging Bulakenyo Na Nakapag-Uwi Ng Karangalan Sa Bayan Ng Bulakan Na Gagabayan Ng Mga Alituntuning Nagtatakda Ng Katangian Ng Isang Natatanging Mamamayan

**PINAGTIBAY.**

A series of handwritten signatures in black ink, likely representing the officials mentioned in the text. The signatures are arranged horizontally across the bottom of the page. Some are more stylized and cursive, while others are more legible. The word 'Gutierrez' is written in a cursive script among the signatures.

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

  
**JOSE CARLO S. PANTALEON**  
Nanunuparang Kalihim ng Sanggunian  
(Temporary)


**PAGPAPATUNAY:**

  
**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**  
Pangalawang Punong Bayan  
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

  
**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**  
Kagawad


  
**JOSE ANTONIO V. LAVA**  
Kagawad

  
**ARON RONALD R. CRUZ**  
Kagawad

  
**MARBIN J. GARCIA**  
Kagawad

  
**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**  
Kagawad

  
**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**  
Kagawad

  
**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**  
Kagawad

  
**RICHE E. SAN JOSE**  
Kagawad

  
**MICHAEL M. RAMOS**  
Kagawad (Ex-Officio-SK)

  
**MIGUEL LEONARDO**  
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY at NILAGDAAN:**

  
**VERGEL C. MENESES**  
Punong Bayan  
01-18-23